# Prologue

Excitement. Freedom.

May hahanapin pa ba si Issy sa trip na ito?

Nasilayan na niya si *Mona Lisa* (bawal kumuha ng pictures kaya ticket lang ang maiuuwi niyang souvenir), nakapagdasal siya sa Roma, at nakasalubong ang mga *gondola* drivers habang sakay rin sa *gondola* para makapaglibot sa Grand Canal ng Venice.

Lucky for her, nasa gitna ng Grand Carnival celebration ang buong siyudad ng Venice. Kasabay ng maraming locals at turista, pinasok niya ang mga opera houses, nag-merienda sa parks, nakinig ng choir sa simbahan, nakipagkaibigan sa mga estranghero sa daan, nagutom, nawala, at napagod sa kalalakad.

Nagawa na niya lahat ng gusto niyang gawin, na sinabi niyang gagawin niya.

Pinagmasdan niya ngayon ang palubog na araw. Malapit na siya sa last leg ng trip.

"Kung nandito lang kayo, magugustuhan n'yo din ang Italy," sabi niya sa hangin. Hinawakan niya ang pendant na krus na nakasabit sa kuwintas na suot. Dinampian niya ito ng halik habang nakatingin sa dramatic na hills sa countryside ng Italya.

Puwedeng pang-background sa *Sound of Music*. Breathtaking

ang lawak at ganda ng lugar. Masaya siyang nakarating siya this far at nakatagal this long, kahit siopao lang na galing sa best friend niya at kuwintas na lang na regalo ng mga magulang niya, ang tanging kasama.

Thirteen years old siya nang matanggap ang kuwintas. Birthday gift ito ng mama at papa niya. Ilang linggo lang iyon bago sila mabangga ng isang drunk driver. Through sheer luck, nakaligtas siya.

Pero, through sheer malas, namatay pareho ang kanyang mga magulang sa aksidente.

Kinuha siya ng isang tita on her mother's side. Kung paano nito pinalaki sa pagmamahal ang mga pinsan niya, siya namang pagkupkop nito sa kanya out of simple obligation.

Kaya ilang buwan matapos niyang mag-eighteen, nagpasya siyang baguhin ang lahat sa buhay niya. By then, nakuha na niya ang inheritance money galing sa parents niya at kaunti pang itinabi ng mga ito para sa kanyang college fund.

Una, humiwalay siya sa tita niya. Maghahanap sana siya ng uupahan niya mag-isa pero hindi pumayag ang best friend niya. At best, napapayag siya nito at ng mga magulang nito na pansamantala munang tumira sa bahay ng mga ito.

Pangalawa, nag-L.O.A. (leave of absence) siya sa school. Imbis na tumuloy ng third year sa college, pinili niyang magbakasyon nang ilang buwan—mula sa school, sa mga tao,

sa buhay.

Siyempre, may isang komplikasyon.

Si Aris.

Best friend niya ito since grade one.

Since time eternal, kahig-manok na ang penmanship niya. Kaya nakikipagpalit siya dati ng notebook kay Aris, na seatmate niya, at ito ang nagsusulat ng mga homeworks niya. Ang resulta: tuwing umuuwi siya, maganda at maayos ang assignment notebook kapag tsini-check ng mama niya. Two stars din siya sa teacher nila.

Dahil sa sunud-sunod na stars, in-appoint niyang best friend si Aris.

Pumayag naman ito.

Hanggang one day isang araw na nakiusap ang kaibigan sa kanya. Nagtataka raw ang mama ni Aris kung bakit pangit ang sulat nito sa assignment notebook at minsan, kulang-kulang pa ang mga detalye pero maayos naman sa ibang notebooks.

*Busted.*

Wala siyang maisagot. Minsan kasi, inaantok si Issy kapag kumokopya ng mga nakasulat sa blackboard. O gutom. Kaya kulang-kulang ang aralin ni Aris.

Bumalik kay Issy ang assignment notebook niya.

Hindi na dapat sila magiging magkaibigan pa at that point. Pero nagsimulang magbaon si Aris ng extra snacks for recess. Na siyempre, ibibigay lang nito sa nag-iisang best friend.

Madaling kausap si Issy. Na-restore ang friendship nila.

Just like that.

---

Self-appointed voice of reason naman niya ngayon si Aris.

*"Issy, ano'ng gagawin mo doon?"*

*"Magba-backpack!"*

*"Bakit d'un ka pa sa malayo pupunta?"*

*"Gusto kong kumain ng siopao sa Europe!"*

*"Paano ang gastos mo?"*

*"Magbabaon ako ng mga noodles at tinapay!"*

*"Mas tataba ka n'un kasi puro ka tinapay."*

*"Ikaw, papayat kakakontra - bulate mo. Lalagasin ko lahat ng ipin mo para di ka na makakain."*

And so, in the face of so much worry from the only best friend she'd ever had (worrywart mo talaga, Aris!), the only person in the world that she cared about, other than her parents and his parents, she packed her bags and dashed off to Europe.

Ang unang destinasyon: Italy.

Pangarap nila ng parents niya ang trip na ito. Dapat tatlo sila ngayong naglalakad, nagtatawanan, nagbabasa ng mapa para hindi mawala sa daan.

Kaya bago niya gawin ang anumang gusto niya sa buhay (gaya ng magsayaw nang hubad sa EDSA, magtinda ng luminous strawberry jam sa Baguio, maging hardinero sa garden ng sikat na mga artista tulad nina Susan Roces, Dolphy o Vic Sotto), ito muna.

A last tribute to her parents.

"Cheers, Ma and Pa!" sigaw niya nang ubod-lakas sa mga bundok, sa mga puno, sa mga damo. *Kung nasaan man kayo ngayon, please be at peace dahil okay naman ako*, panalangin niya sa hangin.

After a respectable silence, sinundan niya ito ng isa pang tili.

"Aris! Nandito na ako!" tumatawang sigaw niya.

Naalala niya ang postcard na ida-drop off niya para rito pagtapak sa Italy. Sana kasya sa budget niya. Sana mura lang ang mga selyo rito.

Kung hindi express delivery ang gagamitin niya, mauna pa rin kaya itong makauwi sa kanya? Mauna pa rin kaya itong makabalik kay Aris?

Awesome. At dahil busy sa awesomeness ng mga bagay-bagay, hindi niya pinansin ang papadilim na langit. Pero kinonsulta niya muli ang kanyang itinerary. Lukot-lukot na ang mapa. May mga natuyo na ring mantsa ng asado sauce, alikabok, and other foreign germs pero over all, nababasa pa rin naman iyon. Binaybay ng isang daliri niya ang route na naka-drawing. Malapit na siya.

Pangalawang destinasyon: Paris.

Desidido siyang mag-backpack patawid ng border papuntang Paris. Gusto niya iyong ideya na wala siyang schedule na susundan, walang mga pinsan na pakikisamahan, walang ibang pakikinggan kundi mga alingawngaw, kundi hangin. Kundi dilim.

Dilim? Napatingin siya sa langit. Okay, moving on, moving on.

Teka, last cheer na lang. One for the road.

"Go, Issy!" sigaw niya sa universe.

Masaya siya. Malaya na siya sa tita niya, sa buhay niyang nakukulong ng maraming house rules, sa sarili niyang mga takot, insecurities at self-doubt.

*Well, not quite,* isip niya. But this was a great start. Who would have thought na makakarating siya rito nang mag-isa? Iba talaga ang nagagawa ng self-independence sa confidence ng isang tao.

Pagbalik niya, third-year college na sila ni Aris. Well, mauuna lang ito ng ilang buwan sa kanya pero kukuha naman siya ng extra classes para makahabol dito. Hopefully, by then, alam na rin niya kung paano ito haharapin.

Nagpatuloy siya sa paglalakad. Bago pa niya naabot ang susunod na landmark sa mapa, laganap na ang gabi. Unti-unti nang kumalat ang mga bituin.

Kung maghanap na lang kaya muna siya ng isang inn o farmhouse para safe?

"Tsk, gastos 'yun. Mas tipid ako this way," alo niya sa sarili.

Kinapa niya ang supot na nakasabit sa kanyang belt, binuksan iyon at inilabas ang baong siopao. Naalala niya kung saan iyon nanggaling…

---

*Nasa airport sila noon, boarding time, nang hilahin ni Aris ang kamay niya…*

*"Ito, baunin mo," ani Aris, sabay pasa sa kanya ng supot.*

*"Ano 'to?" Wow, andaming siopao! Parang may sampu yata sa supot!*

*"Sa-sideline ba akong siopao vendor abroad?"*

*"Nagtaka ka pa? Isang araw lang lahat 'yan sa 'yo."*

*Napasimangot siya sandali. Pagkatapos ay saka natawa. She gave him a cheeky grin, looking into his chinito eyes—bilugan na singkit.*

*"Thanks, Best Friend."*

*"Bumalik ka sa birthday ko, ha?"*

*"Promise! Cross my heart! Pero isa na lang 'yung pasalubong at birthday gift ko sa 'yo ha."*

*"Ano ba'ng regalo mo 'kin? Ayoko ng pagkain, makikihati ka lang n'un."*

*"Secret!" At saka siya masayang ngumiti, kumaway sa kaibigan at tumalikod.*

*Nakakailang hakbang pa lang siya nang bumulong si Aris.*

*"Ma-mi-miss kita, Issy."*

*Hindi siya lumingon agad. Ayaw niyang makita ang mga mata nito, dahil pareho silang malulungkot.*

*Since grade one, magkasama na sila lagi, kahit summer. Mainstay na siya sa bahay nila Aris. Bukod pa sa lagi silang nasa phone at kausap ang isa't isa, at least hanggang tumira na nga siya sa bahay ng mga ito. Isang temporary arrangement habang hindi pa niya naiisip kung saan titira pagkatapos ng European trip niya.*

*Not to mention na parang mama na niya ang mama nito, papa ang papa nito, pati ang yaya nitong si Ate Alma, yaya na*

*rin niya, saka ang aso nitong si Polgas ay parang aso na rin niya, pati ang mga kapitbahay at ref ng mga ito ay para na ring kanya. Etcetera, etcetera.*

*Ito ang pinakamatagal na panahong hindi sila magkakasama o magkakausap na magkaibigan. Dagdag pa iyon sa gastos. Ayaw naman niyang tanggapin ang offer na phone budget ng parents ni Aris. Gusto ni Issy iyong idea na all on her own siya sa labas ng bansa. For the first time!*

*Nang makasiguro siyang wala nang luhang papatak, humarap siya muli at lumapit sa kaibigan. Huminto lang siya nang halos nakadikit na ang tip ng sneakers niya sa rubber shoes nito.*

*She was aware of what most people see when they looked at Aris.*

*His family's social and political influence, for one. Sa bawat henerasyon kasi ng pamilya nina Aris, lagi itong may kamag-anak na nasa politika.*

*Their social status, for another. Pangkaraniwan na lang sa mga miyembro ng angkan nito ang maging head ng multinational conglomerates, committees at financial institutions—iyong tipong kahit hindi sila magdala ng pera dahil kahit kapirasong paper towel puwede nilang gawing IOU at tatanggapin iyon sa kahit anong bangko sa Pilipinas.*

*And of course, his looks. The intense eyes, the straight nose, and even at eighteen, a face that promised to be unforgettable when*

*he comes of age.*

*Iyon nga lang, patpatin ang katawan nito. Puwedeng dahil lagi niyang kinukuha ang kalahati ng baon nito kaya kasing-slim ng mongol pencil ang kaibigan. But what are friends for, right? Share and share alike, friendship man iyan o baong pork chop.*

*Kahit pa tumangkad na ito nang higit sa kanya. Dati, sinasampahan niya lang ng braso ang balikat nito tuwing maglalakad sila. Ngayon, siya na ang tinutungkuran ni Aris sa balikat.*

*Still, no worries. Sigurado si Issy na may justice sa mundo. Sigurado, hahabol din ang height niya.*

*Sigurado iyon.*

*Tinitigan niya si Aris. Para kay Issy, ang nasa harap niya ngayon ang huling link niya sa buhay.*

*Mahal niya ito. And over the years, nadagdagan lang ang nararamdaman niyang affection, loyalty at friendship para rito—may ekstrang snacks man o wala. Kung may iba pa siyang nararamdaman na strong emotions para rito na hindi niya lubusang mapangalanan at this point, it didn't matter.*

*He understood her more than anyone else. Niyakap siya ni Aris nang mamatay ang parents niya noong mabangga ang sinasakyan nilang kotse ng isang truck ng potato chips (pero hanggang ngayon, paborito pa rin niyang kumain ng V-Cut at Pringles).*

*Inalo siya nito nang maipaampon siya sa kanyang tita at tuwing kulang ang baon niya kapag recess, kapag wala siyang pang-tuition, pambayad ng uniform, pambili ng Boy Bawang at kiamoy, etc.*

*Ito rin ang tumulong sa kanyang mag-review para hindi siya bumagsak sa countless Algebra exams, na parang mag-e-end of the world na kung hindi niya maso-solve ang missing value ng x na actually, bakit ba kasi nawala ang value na iyon in the first place? Sino ba ang dapat sisihin doon?*

*Niyakap niya ito nang mahigpit.*

*"'Wag kang mag-alala, Aris. Ikaw na lang ang pamilya kong natitira, kayo nina Tita at Tito. Babalik ako, babalikan kita. Sunduin mo 'ko ha."*

*Mahigpit na mahigpit ang yakap ni Aris sa kanya.*

---

Dapat pala kinapkapan na niya si Aris noon. Baka may natira pa itong snacks sa bulsa, pinalagpas niya pa. Sana may dessert siyang naibaon at puwedeng i-partner sa siopao niya ngayon.

Nakakailang kagat pa lang ng siopao si Issy bago niya napansin ang mahinang kaluskos sa paligid. Napatingin siya sa mga punong nasa gilid ng daan. Pinakiramdaman niya ang ihip ng hangin.

Mas malamig kaysa kanina.

*Poltergeist*? *Sixth Sense*?

*I see dead people.* Posible bang dito pa siya makakita ng multo, for the first time, in all her eighteen years sa mundo?

Slow motion siyang lumingon-lingon. *Nada.* No hay. Zip. No one standing there.

*'Buti naman*, isip niya sabay hinga nang malalim.

*Okay moving on uli, moving on*, bulong niya sa sarili.

Patuloy siya sa paglalakad. Walang masyadong street lamps at walang malalapit na bahay. Pero suwerte pa rin siya dahil full moon. Maliwanag ang daan.

Mayamaya, may narinig uli siyang ingay. Tumingin muli siya sa paligid. Bakit kasi ang tatangkad ng mga puno rito? Mabuti pa mga aratiles sa kanila, mababa lang. Dito, matataas na ang mga puno, madadawag pa ang mga sanga.

"'Wag kang paranoid, Issy. Rabbit lang 'yan. Ay, kaya lang nasa border. So, puwedeng Italian or French. Mixed-raced rabbit? May gan'un?" tuloy-tuloy niyang bulong sa hangin habang pinipilit ang sariling mag-relax.

Pinilit niya ang sariling magsalita. Hindi na niya kaya ang sobrang katahimikan na biglang sisingitan ng mga hindi maipaliwanag na ingay.

Sige lang. Go lang. Lakad lang habang kumakain.

Sa pagitan ng pagkagat at pagnguya, sinubukan niyang kumanta. *"Under the sea, under the sea!"*

Proud si Issy na naaalala pa rin niya ang kanta ni *Sebastian*. After all, lumaki siya sa panonood ng *The Little Mermaid*. Hindi siya nagsasawang ulit-ulitin ito, at least hanggang sa nasira ng pinsan niya ang CD copy niya.

*"Under the sea! Darling it's better, down where it's wetter, take it from me! Aha! Aha!"*

Natigilan si Issy. Napakunot-noo. Siguro dahil madilim, may mga weird na ingay sa paligid at nasa isang foreign country siya kaya nawala sa context ang kanta para sa kanya.

*It's better down where it's wetter?* Inisip niya ang milyun-milyong mga batang lumaki rin sa *The Little Mermaid* ng *Disney*. Little girls and boys singing '*It's better down where it's wetter.*'

Tama ba talagang hayaang kantahin iyon ng mga bata?

At bakit naman mga ganitong bagay ang iniisip niya ngayon?

*Sheesh. I'm eighteen*, sabi niya sa sarili. *I'm allowed to wonder about sex!* In fact, nakapag-research na siya on the subject. Hindi lang para sa mga school homeworks kundi dahil naturally curious din siya. Kaya marami na siyang libro at articles na nabasa tungkol sa reproduction, procreation, at sex.

Pero hanggang ngayon, wala pa rin siyang nagagamit sa mga na-research niya. Kapag sexually excited raw ang babae,

she would get wet between her legs. Dahil hindi pa niya alam kung ano exactly ang dapat mangyari para makaramdam siya ng sexual excitement, hindi rin niya personally ma-confirm kung totoo iyon o hindi.

Sheesh. Eighteen na nga siya pero hindi pa rin niya naiintindihan half the time kung ano ang nangyayari sa katawan niya. Lately, iba na rin ang nararamdaman niya tuwing makikita si Aris.

Si Aris na naman. Pambihira. Ilang kontinente na nga ang layo niya mula rito pero ito pa rin ang nasa isip niya.

Sa kaiisip, hindi niya napansing malayo na pala ang narating niya. Pero wala pa rin siyang nakitang landmark. Mukhang malayo-layo pa ang lalakarin niya, ah.

Hindi naisip ni Issy na puwedeng nawawala na siya kaya wala siyang landmark na nakita. Panay dilim, mga puno at daanang walang katau-tao ang napala niya.

Fine. Kain lang. Go lang.

*"Ain't no mountain high enough! Ain't no river strong enough!" Iyan,* isip niya, *maiba naman ng soundtrack.*

Matatapos na si Issy sa kanta nang may marinig siya muli. Isang mahaba at malalim na alulong. Binasag nito ang tahimik na gabi.

Sumunod ang mga kaluskos. Na palakas nang palakas.

Pinagpawisan nang malamig si Issy. Pinilit niyang i-rationalize ang nabubuong tensyon sa katawan.

"Aso? Mga asong gala sa border ng Paris? So, French azucena?"

*Sosyal.*

Kaya lang, kapag nakagat siya ng aso, mababawasan pa ang budget niya. Paano na ang souvenirs na balak niyang bilhin sa Paris? Paano na ang tokens na iuuwi niya para sa pamilya ni Aris, ang birthday present nito, ang postcard na hindi pa niya napapadala? Paano…

*Ano ba kasing ingay 'yun?* By this time, alam niyang pinipilit na lang niyang mawala sa isip ang mga nangyayari sa paligid niya. Pero anumang kanta niya o kausap sa sarili, hindi na niya kayang magkunwari.

Iba na ang nararamdaman niya.

Binilisan niya lalo ang lakad. Hindi niya namalayang nagbi-brisk walking na siya. *Calm down*, bulong niya sa sarili.

Pero hindi na siya tumigil para tumingin sa likuran niya, sa mga puno.

Hindi na rin tumigil ang mga kaluskos.

Palapit nang palapit sa kanya. Hindi na lang hangin, mga puno at halaman ang naririnig niya. Walang ganito sa science

classes nila ni Aris. Walang species ngayon ng mga aso na ganito ka-predatory ang behavior.

*Except for…*

Kaba. Takot. At nabubuong galit. Ridiculous. She had already been through this. Talagang kailangang sa ibang bansa siya multuhin at makagat ng aso?

Umalingawngaw ang isa pang alulong. Malalim at mahaba gaya ng nauna.

Kasunod ito ng pagtakip ng ulap sa buwan. Parang lalong lumawak ang mga anino ng mga puno. Manipis na ang liwanag ng street lamps. Wala nang mga bahay.

Hindi na makapagsalita si Issy. Pakiramdam niya, natuyo lahat ng laway sa ilalim ng dila niya.

Isang malalim na ungol pa ang sumunod. Pinag-igting nito ang dilim ng gabi.

Mas malakas. Mas malapit sa likod niya.

Something was out there.

And it was stalking her.

Hinahalukay na ang sikmura niya. Mabilis ang paghinga. Hindi niya maintindihan ang nararamdaman. Hindi pa siya nakakaranas ng ganito: matinding takot, matinding kaba.

"Am I terrified now? Is this fear?" *Great timing, Issy. Ngayon ka magtanong, sige.*

Wala na siyang magagawa. Wala na siyang maisip. Hinigpitan niya ang hawak sa siopao. Nasa kamay pa pala niya ito. Last one na.

Last. One. Huminga siya nang malalim.

At tumakbo.

Hindi na siya nakalayo. Tumilapon si Issy nang may sumunggab sa likod niya. Malapad, mabigat, at malakas. Naramdaman niya ang matatalas na kuko. Nagpumiglas siya kahit walang tigil na bumaon ang mga kuko nito sa backpack niya, sa braso at likod, sa may tagiliran.

Parang balat lang ng siopao ang sinapit ng bag niya. Pira-piraso itong kumalat sa lupa at damuhan. Alam ni Issy na preview na iyon ng mangyayari sa kanya.

Umiiyak na siya, takot at duguan. May mga sugat siya sa palad, sa ulo at pisngi, sa tagiliran. Nababalot na ng sakit ang buo niyang katawan.

Subsob sa lupa ang dibdib niya. Parang naputulan na siya ng mga tuhod sa sobrang takot. Hindi na siya makatayo. Hindi siya makahinga.

Pinilit niyang gumapang.

Pero hindi na siya nakakilos pa nang bumaon ang matatalas na ngipin sa balikat niya. Umalingawngaw sa paligid ang sigaw niya.

Dala ng sakit, takot at magkahalong kaba at galit sa ideya na baka ngayon, dito at ganito na lang siya mamatay, kinapa niya uli ang krus sa leeg. Basa na ang kanyang T-shirt. Duguan na ang kanyang balikat.

By this time, alam na niyang hindi lang ito basta aso pero may oras pa ba siyang mag-survey para alamin kung ano ang ipinagkaiba nito sa everyday askal? Basta sigurado siyang hindi lang ito aso.

Unless part ng diet ng mga aso rito ang mga balikat ng tao.

Hinugot niya ang krus gamit ang kung anong lakas pang natitira sa kanya. Ilang beses niyang ipinunas sa damit, sa dibdib ang palad niyang naliligo sa pawis. Panay ang dulas ng krus sa palad niya at lumulusot sa kanyang mga daliri.

Nang maipunas muli ang palad, dinama niya ang krus sa dibdib, ipinunas niya iyon sa damit, sa gilid ng pantalon, sa manggas, saka iyon isinaksak sa asong nakasampa sa kanya. Sana matamaan niya ang mata. Dapat matamaan niya ito.

Naramdaman niyang bumaon sa laman ang krus. Hinugot niya ito uli. Isinaksak nang ilang ulit. Hindi na niya alam kung saan ito tumama o bumaon o kung ilang beses. Oh, God, bakit hindi na lang baril na may silver bullets ang ibinigay sa kanya

ng parents niya?

Sa malayo, umalingawngaw ang mga ungol. Hindi na niya napansin ang palapit na mga kaluskos. O ang pagkawala ng bigat sa kanyang likod.

Hawak niya ang sugatang balikat, pinipilit ampatin ang dugo. Basa na ng pawis at dugo ang damit niya. Wala na ang kanyang bag. Paano ngayon siya magpapalit ng damit?

Ano ang ipapalit niyang damit?

Mabubuhay pa ba siya nang ganoon katagal para problemahin iyon?

Nahilo at umikot ang paningin niya sa mga puno, sa buwan.

"Aris," usal niya sa dilim, sa hindi matigil na pag-ikot ng paligid.

Magagalit ito kapag hindi siya nakauwi. Kahit kailan, hindi pa siya sumira ng pangako rito.

Bago siya tuluyang nanghina at nawalan ng malay, nakita niya ang mga piraso ng siopao na hawak niya kanina. Nagkalat iyon sa ibabaw ng mga damo, sa ilalim ng maliwanag na buwan.